HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG NOBYEMBRE 25, 2013 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

***MGA DUMALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - | Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. German S. Acosta | - | Konsehal |
| Kgg. Gideon B. Abuel | - | -do- |
| Kgg. Emelita A. Osorio | - | -do- |
| Kgg. Edwin C. Aceron | - | -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - | -do- |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | - | -do- |
| Kgg. Dennes M. Faner | - | -do- |
| Kgg. Ramon G. Magbanua | - | -do- |
| Kgg. Diony M. dela Torre | - | Pangulo, Liga ng mga Brgy. |

***HINDI NAKADALO:***

| | | |
|---|---|---|
| Kgg. Klean Rose F. Borbon | - | SK Fed. President |

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

## KAPASYAHAN BLG. 13-11-118

**PAGKILALA SA TINAMONG KARANGALAN NI G. REY C. PAINGAS SA KANYANG PAGWAWAGI SA GAWAD SAKA REGIONAL OUTSTANDING FARMER FOR HIGH VALUE CROPS IN ONION PRODUCTION**

**"SAPAGKAT,** ang Kagawaran ng Agrikultura, Region IV-B ay naglunsad ng isang patimpalak na tinaguriang **"Gawad Saka"** (Pangrehiyong Patimpalak sa Paramihan ng Ani sa Sibuyas);

**"SAPAGKAT,** ang layunin ng nasabing programa ay maitaas ang antas ng produksiyon ng ani sa sibuyas sa buong rehiyon sa pamamagitan ng makabagong teknolohiya at pamamaraan upang maibigay ang sapat na suplay sa buong bansa na hindi na kailangang bumili pa sa ibang bansa;

**"SAPAGKAT,** si G. Paingas ay isang karaniwang magsasakang may bukas na kaisipan upang tanggapin at ipatupad ang mga modernong pamamaraan ng pagsasaka, hindi lamang upang maitaas ang antas ng kanyang kabuhayan, gayundin ay upang mapamarisan ng mga kagaya niyang nabibilang sa sektor ng pagsasaka;

**"SAPAGKAT,** si G. Rey Paingas ay nag-uwi ng isang plake at gantimpalang nagkakahalaga ng Php30,000.00 at ang parangal na ito ay magsisilbing dangal at inspirasyon para sa mga maralita at karaniwang magsasaka ng Bayan ng Bulalacao at dahil sa kanyang pagkapanalo, siya ay opisyal na kandidato para sa pambansang patimpalak sa parehong kategorya; **kung kaya't dahil dito**

CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Kilalanin sa tinamong karangalan si G. Rey C. Paingas sa kanyang pagwawagi sa Gawad Saka Regional Outstanding Farmer for High Value Crops in Onion Production;

**SA MUNGKAHI** ni Konsehal Gideon B. Abuel, pinangalawahan ni Konsehal Ramon G. Magbanua, ang kapasyahang ito ay …

**PINAGTIBAY":** Nobyembre 25, 2013, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

**GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**GIDEON B. ABUEL**
SB Member

**EMELITA A. OSORIO**
SB Member

**EDWIN S. ACERON**
SB Member

**SENEN C. FAMILARA**
SB Member

**DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**DENNES M. FANER**
SB Member

**RAMON G. MAGBANUA**
SB Member

**DIONY M. DELA TORRE**
Pangulo, Liga ng mga Brgy.

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Pansamantalang Kalihim

**SINAKSIHAN:**

**TERESITA S. BANTUGAN**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**EDNA C. VILLAS**
*Punong Bayan*
Petsa ng Nilagdaan: 12-5-13

131126/PLP/jpc